



## Ang kailangang malaman ng matatanda tungkol sa mga pagbabakuna para sa COVID-19



### Bakit ako dapat magpabakuna?

Poprotektahan ka ng bakuna mula sa pagkakasakit ng COVID-19. May ilang mga tao ang maaaring magkasakit nang napakalubha mula sa COVID-19, na nangangailangan ng pangangalaga sa ospital.



### Paano gumagana ang mga bakuna?

Sinasabi ng mga bakuna sa ating katawan na gumawa ng mga antibody. Poprotektahan tayo ng mga antibody mula sa pagkakasakit kung malantad tayo sa COVID-19. Walang taglay na virus ang mga bakuna, kaya hindi mo makukuha ang COVID-19 mula sa bakuna.



### Anong mga bakuna sa COVID-19 ang magagamit ng matatanda?

Sa ngayon, may ilang aprubadong bakuna para sa matatanda. Mapoprotektahan ka ng mga bakuna mula sa malubhang pagkakasakit ng COVID-19. Higit pang impormasyon tungkol sa mga bakuna ang makikita sa website ng Lungsod:

<https://www.toronto.ca/home/covid-19/covid-19-protect-yourself-others/covid-19-vaccines/>.



### Gaano katagal akong mapoprotektahan kung mabakunahan ako?

Sa ngayon, hindi namin alam kung gaano katagal kang mapoprotektahan ng bakuna mula sa COVID-19. Kung bumaba ang proteksiyon matapos ang pagbabakuna, maaaring ibigay ang booster dose.



### Mayroon akong hindi gumagaling-galing na mga problema sa kalusugan; puwede ba akong magpabakuna?

Lahat ng bakuna sa COVID-19 ay ligtas para sa matatanda at mga taong may hindi gumagaling-galing na mga kondisyon sa kalusugan gaya ng diabetes, mataas na presyon ng dugo, sakit sa puso at respiratoryo. Ang mga taong may mahinang immune system dahil sa isang karamdaman o mga gamot ay dapat makipag-usap muna sa kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan.



### Mayroon akong mga allergy, puwede ba akong magpabakuna?

Ang mga mRNA na bakuna na ibibigay sa matatanda ay hindi naglalaman ng mga antibiotic, latex, itlog, mga produktong mula sa hayop, o mga produktong mula sa dugo.

Ang mga taong may malulubhang allergy sa anumang sangkap ng bakuna ay dapat makipag-usap muna sa kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Oobserbahan ka nang 15 minuto matapos makuha ang bakuna para bantayan ka para sa anumang mga reaksyon. May makikitang detalyadong listahan ng mga sangkap ng bawat bakuna sa website ng Lungsod: <https://www.toronto.ca/home/covid-19/covid-19-protect-yourself-others/covid-19-vaccines/covid-19-about-the-vaccines/>



### Kung nagkaroon ako ng COVID-19, kailangan ko pa ba ng bakuna?

Oo. Maaaring hindi magtagal ang natural na imyunidad mula sa pagkakaroon ng COVID-19. Posibleng magkaroon ulit ng COVID-19. Sinumang may mga sintomas ng COVID-19 ay dapat maghintay hanggang mas mabuti na ang kanilang pakiramdam, at wala na sa self-isolation, bago kunin ang bakuna.



## Magkakasakit ba ako dahil sa bakuna?

Hindi nagtataglay ng virus ang bakuna kaya hindi ka nito mabibigyan ng COVID-19. Ang bakuna ay puwedeng magdulot ng mga side effect na katulad sa ibang mga bakuna (hal. bakuna sa trangkaso). Ang mga reaksiyon ay kadalasang nagtatagal lamang nang ilang araw. Maghanap ng:

- pamumula, pananakit o pamamaga kung saan itinurok ang karayom
- sakit ng ulo, pakiramdam na pagod, mga pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasukasuan
- lagnat, pangangatal, pagduruwal, pagsusuka
- pananakit o pamamaga sa kili-kili o lumaking mga lymph node (mas hindi karaniwan)

Karaniwan ang mga side effect matapos ang pangalawang dosis. Kung mayroon kang reaksiyon na nagtatagal nang mahigit sa ilang araw, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.



## Makakabalik ba ako sa normal na buhay matapos ang pagbabakuna?

Maaaring magtagal nang hanggang dalawang linggo matapos ang pagbabakuna para makabuo ang iyong katawan ng mabuting imyunidad laban sa COVID-19. Kailangan din nating maghintay hanggang nabakunahan na ang karamihan ng mga tao para magkaroon ng herd immunity. Kaya kailangan mong ipagpatuloy ang mga pamamaraan ng pampublikong kalusugan gaya ng pagsusuot ng mask, physical distancing, at pananatili sa bahay kapag maysakit ka hanggang mas maraming tao na ang nabakunahan.



## Saan ako pupunta para magbabakuna?

Ang sektor ng kalusugan ng Toronto, kabilang ang Toronto Public Health, Ontario Health Teams at mga ospital, botika at mga provider ng pangunahing pangangalaga ay nagtutulungang mabuti para maihatid ang bakuna sa mga residente nang kasingbilis ng maaari habang nagiging available ang supply. Ang mga klinika ng imyunisasyon na pinangangasiwaan ng Lungsod ay isa lamang bahagi ng plano sa imyunisasyon para sa Toronto - magkakaroon ng maraming oportunidad para sa pagbabakuna ng lahat ng residente. Ilalagay ang mga update tungkol sa pagbabakuna sa Toronto sa website ng Lungsod:

<https://www.toronto.ca/home/covid-19/covid-19-protect-yourself-others/covid-19-vaccines/>



## May mga tanong ka?

Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o bisitahin ang [toronto.ca/COVID19](https://toronto.ca/COVID19) para sa karagdagang impormasyon.